IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

EPEKTO NG PAGGAMIT NG SOCIAL MEDIA SA PERFORMANCE NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO 8

Marvie C. Baguio, Ph.D.

Lyceum-Northwestern University, Dagupan City, Philippines
Llanera National High School, Llanera, Nueva Ecija, Philippines

https://doi.org/10.5281/zenodo.15310997

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglayon na matukoy ang epekto ng paggamit ng social media sa performance sa Filipino 8 ng mga mag-aaral at makabuo ng mga Alituntunin sa wastong gamit ng social media sa proseso ng pagkatuto-pagtuturo. Gumamit ng pamamaraang descriptive correlation upang maipakita ang kaugnayan at pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral hingil sa epekto ng paggamit ng social media sa performance sa Filipino 8 ng mag-aaral. At mayroong 246 na mag-aaral at 16 na guro ang kinailangan sa pag-aaral dahil gumamit ng Random Sampling ang mananaliksik. Sa pagsusuri ng datos, gumamit ng arithmetic mean, Chi square test, Mann- Whitney naman para sa pagsuri ng kaibahan sa pagitan ng pananaw ng guro at mag-aaral. Batay sa lumabas na resulta, natuklasan na karamihan ng mag-aaral ay very satisfactory ang antas ng performance sa asignaturang Filipino. Nakapagtala rin ng 10 social media platform na ginagamit ang mag-aaral. Pinakamadalas gamitin ang Tiktok. Mayroong makabuluhuhang ugnayan ang academic performance at dalas ng gamit ng mga mag-aaral sa social media sa kanilang pag-aaral. Mas mataas ang marka ng mag-aaral na gumagamit madalas ng social media. Kaugnay nito, mayroong natukoy na tig-16 na mabuti at masamang epekto sa paggamit ng social media sa performance sa filipino 8 ng mga mag-aaral at guro. Karagdagan nito, walang makabuluhang pagkakaiba-iba ang pananaw ng mga mag-aaral at guro sa epekto ng paggamit ng social media sa pag-aaral. Ang mananaliksik ay nakabuo ng 9 na alituntunin sa wastong gamit ng social media sa proseso ng pagkatuto-pagtuturo. Layunin ng alituntunin na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral at guro sa wastong gamit ng social media upang maiangat ang kalidad ng edukasyon hinggil sa proseso ng pagkatuto-pagtuturo.

Keywords: *Academic Performance; Epekto; Social Media; Paggamit; Pananaw*

INTRODUCTION

Ang pagkakaroon ng makabagong teknolohiya ang nagbunsad ng mas mabilis na pag-unlad sa pamumuhay ng lahat ng tao. Sa bawat henerasyon na nagdaan, malaki ang ambag nito lalong- lalo na sa pakikipagkomunikasyon. Mas pinadadali at pinabibilis ng teknolohiya ang paglaganap ng iba't ibang impormasyon sa buong mundo pasulat man o pasalita upang maghatid ng balita. Kaakibat nito, nagsilabasan din ang iba't ibang aplikasyon, online games, gadyets at iba na tinangkilik ng lahat ng tao.

Ayon kay Maya Dollarhide (2024), ang social media ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng teknolohiya na nagbibigay daan upang maibahagi ng tao ang pansariling kaalaman at impormasyon kabilang na ang pasulat at biswal na aspeto ng pagpapahayag. Kaugnay nito, ayon kina Kyla Ablaza at Jozella Caparas (2023), nanguna ang Pilipinas sa pinakamaraming tao na gumagamit ng social media taong 2021. Napakalaki ng pagtangkilik ng mga tao sa paggamit ng social media sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Nagsisilbi itong makabagong ugnayan ng mga mamamayan upang makipag-usap at magkaunawaan sa pamamaraang pasalita o pasulat.

At dahil sa malawakang paggamit nito, naimpluwensyahan ang pang- akademikong gawain ng mga mag-aaral sa paaralan. Sa simpleng paghahanap ng mga babasahin, ang internet ay katuwang ng mga mag-aaral upang mas mapadali ang paghahanap sa ilang mga gawain pampaaralan. Nabibigyang pansin din ang limang makrong kasanayan; pakikinig, pagbabasa, pagsasalita, panunuod at pagsusulat sa paggamit ng social media. Ngunit dahil sa lubusang paggamit ng social medial, naapektuhan na ang makrong kasanayan sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, ayon sa artikulo ni Dylan (2024) na pinamagatang "*How does Social Media Affect School Performance*?", ang sobrang paggamit ng social media ay humahantong sa maikling oras sa pag-aaral at pagbaba ng marka. Ang pagkakaroon ng adiksyon sa paggamit ng social media ay nakababahala sa kalagayang pang-akademiko ng mga mag-aaral- Ang mga mag-aaral na tutok sa pag-scroll ng mga post at pakikipag-usap o chatting online ay nagreresulta ng hindi namamalayang pagkaaksaya ng oras. Ang ganitong mga gawain ay maaring makaapekto sa kanilang mentalidad, pagkawalang pokus at gawi sa pag-aaral. Ang palagiang pagkagambala mula sa social media ay ang pangunahing dahilan ng mababang marka sa asignatura at academic achievement ng mga mag-aaral.

Karagdagan nito, ang mga mag-aaral sa paarala'y palagiang gumagamit ng kanilang telepono bago, habang at matapos ang bawat asignaturang kanilang pinag-aaralan. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapakita ng malaking pagkabahala sa mga guro at mag-aaral. Nawawala sa konsentrasyon ang mga mag-aaral sa maya't mayang paggamit ng telepono na maaaring magresulta sa hindi maayos na pagkaunawa sa binabasang mga aralin, pagsagot ng wasto at aktibong pakikibahagi sa talakayan ng klase.

Ayon sa pag-aaral nina Che Surhaizai Che Wil et. Al (2019) na may pamagat na "*The Use of Social Media to Assist Writing Skills among Secondary*", naunawaan ng mga mag-

aaral ang magandang dulot ng paggamit ng social media sa paggabay ng pagsusulat ngunit hindi nila bibinigyan ng oras ang pagsusulat. Kaugnay nito, batay sa pag-aaral nina Jeger P. Paragas at Christopher D.C. Francisco (2020) na pinamagatang "*Utilizing Social Media in Improving Creative Writing Skills of Grade 7 Students in English*", karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng kabuuang rating na "good" sa pagtukoy ng mga maling morpolohikal samantalang "fair" naman para sa pagtukoy ng mga maling sintaktikal.

Patunay nito, sa makrong kasanayan ng pagsusulat, ang mga mag-aaral ay hindi na lubusang pinagtutuunan ng pansin ang pagsusulat na isa sa kasanayang humuhubog upang maitaas ang akademikong kakayahan ng mag-aaral. Dahil sa impluwensya ng social media, maraming mga likhang salita na ang ginagamit ng karamihan na hindi maiwasang magamit ng mag-aaral sa kanilang mga asignatura. Karamihan, nagkakaroon ng maling pagbabaybay ng mga salita sa kanilang isinusulat na nakapagpapababa sa kritikal na pag-iisip at malikhaing kakayahan sa pagsusulat.

Ang napakalaking oras ng pagugol sa paggamit ng social media ay nagpapahina sa kakayahang pang-akademiko ng mga mag-aaral. Sang-ayon kay Jamal Abdul Nasir Ansari at Nawab Ali Khan (2020), mula sa kanilang isinulat na pag-aaral na may pamagat na "*Exploring the role of social media in collaborative learning the new domain of learning*", ang online social media ay ginagamit sa kolaboratibong pagkatuto na nagdulot ng makabuluhang epekto sa interaktibong pakikisalamuha sa mga kaibigan, guro at pakikibahagi ng pag-uugali na nakaaapekto sa pang- akademikong kasanayan ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, mas pinipili ng mga mag-aaral ang pakikihalubilo sa pamamagitan ng social media na nagreresulta ng mas mababang pagpapahalagang pansarili o self esteem. Nalilimitahan ang kanilang pakikibahagi sa kapwa mag-aaral na maaari sanang makapagpataas ng kumpiyansang pansarili ng bawat mag-aaral. Mas maipaliliwanag at mauunawan ang kanilang mga saloobin kung harap-harapang naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang iniisip at pagkakaunawa sa mga araling kanilang pinag-aaralan

Dagdag pa sa ginawang pag-aaral nina Abaigar et. Al (2020) na pinamagatang "*Impact of Social Media on Academic Performance of Grade 6 Students*", natuklasan na ang paggamit ng social media ay hindi lamang nagpapakita ng positibong epekto sa academic performance ng mga mag-aaral bagkus may negatibong epekto rin ito sa mentalidad ng mga mag-aaral na nakaaapekto sa pang-akademikong kasanayan.

Sa kasalukuyang panahon, ang mga mag-aaral ay masasabing nanganganib sa banta ng lubusang pagtangkilik social media. Binibigyang diin din at hinihikayat ng Departamento ng Edukasyon ang paggamit ng makrong kasanayan upang maipahayag ng mas malalim ang kanilang mga ideya at kaalaman na magagamit sa pang-araw-araw na karanasan sa buhay.

Kung kaya, batay sa mga suliranin o balakid ng social media sa pag-aaral ng mga mag-aaral, ang mananaliksik ay naglalayong matukoy ang dalas ng gamit at epekto ng social medial sa performance sa Filipino 8 upang makapagmungkahi ng ilang mga alituntunin sa wastong paggamit ng social media at makapagbigay ng impormasyon sa mga guro at mag-aaral. Sa ganitong pamamaraan, magkakaroon ng kamalayan ang lahat

sa banta ng lubusang paggamit at epekto ng social media sa academic performance at metalidad ng mag-aaral at guro.

Research Questions

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang epekto ng paggamit ng social media sa performance sa Filipino 8 ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang at makabuo ng mga Alituntunin sa wastong gamit ng social media sa proseso ng pagkatuto-pagtuturo (*teaching-learning process*).

Tiyakan ding sasagutin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng *academic performance* ng mga mag-aaral sa Filipino 8?
2. Ano- ano ang ginagamit na *social media platforms* ng mga mag-aaral at at gaano ito kadalas gamitin?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang *academic performance* sa paggamit ng *social media* ng mga mag-aaral sa Filipino 8?
4. Ano-ano ang epekto ng paggamit ng *social media* sa pag-aaral batay sa pananaw ng mga mag-aaral at guro?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral sa epekto ng paggamit ng *social media* sa *performance* sa Filipino 8?
6. Ano ang maaaring mungkahing Alituntunin sa wastong gamit ng social media sa proseso ng pagkatuto- pagtuturo (*teaching-learning process*)?

METHODOLOGY

Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng *descriptive correlation* (Barredo at Cadapan, 2022) upang maipakita at mailahad ang sosyo-demograpikong katangian ng mga mag-aaral at pananaw ng mga guro hingil epekto ng paggamit ng social media sa performance sa Filipino 8 ng mga mag-aaral.

Mga Tagatugon

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng *Random Sampling*. Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay binubuo ng 426 na mag-aaral at 16 na gurong nagtuturo. Gumamit din ang mananaliksik ng *Slovin's Formula* upang matiyak ang bilang ng mga respondente sa pag-aaral.

Pangalan ng Paaralan	Bilang ng Mag-aaral	Bilang ng Guro na nagtuturo ng Filipino
Llanera NHS	155	4
Gen. Luna NHS	114	4
San Felipe IS	29	2
Andres Bonifacio NHS	62	1
Sta. Barbara IS	34	2

Caridad Sur IS	32	3
Kabuuang Bilang	**426**	**16**

Pook ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa anim na sekondaryang paaralan sa bayan ng Llanera. Isa ang Llanera National High School o dating kilala sa tawag na Vaca Valley High School na matatagpuan sa Brgy. Bagumbayan, Llanera, Nueva Ecija. Itinuturing itong “mother’s school” sa anim na sekondarya sa bayan ng Llanera. Ikalawa naman ay ang Andres Bonifacio National High School na matatagpuan sa Brgy. Andres Bonifacio, Llanera, Nueva Ecija. Ikatlo, ang Gen. Luna National High School na makikita naman sa Brgy. Gen. Luna, Llanera, Nueva Ecija. Ikaapat, ang San Felipe Integrated School na matatagpuan sa Brgy. San Felipe, Llanera, Nueva Ecija. Ikalima, ang Sta. Barbara Integrated School na matatagpuan naman sa Brgy. Sta. Barbara, Llanera Nueva Ecija. At ikaanim, ang Caridad Sur Integrated School, na matatagpuan sa Brgy. Caridad Sur, Llanera, Nueva Ecija.

Instrumento at Paraan ng Pangangalap ng Datos

Ang instrumento na gagamitin ay tseklist upang malaman ang impormasyon tungkol sa kalagayan ng mga respondente lalong- lalo na sa kanilang academic performance sa asignaturang Filipino. Bumuo rin ng mga paunang kasagutan na gagamitin sa pagbuo ng pinal na talatanungan. Ang mga kasagutang ito ang magsisilbing batayan ng mas marami pang mga respondente upang maipahayag ang kanilang kaisipan at karanasan na may kaugnayan sa pag-aaral na ito.

Matapos makakalap ng paunang talatanungan, binuo ng mananaliksik ang pinal na talatanungan na gagamitin ng mga respondente ng pag-aaral na ito. Ang talatanungan ay binubuo ng dalawang bahagi: una, ang tseklist upang matukoy ang academic performance sa asignaturang Filipino na ginamitan ng palatandaan upang matukoy ang lebel ng performance at ikalawa, mga katananugan na may kaugnayan sa epekto ng paggamit ng social media sa performance sa Filipino 8.

Kaugnay nito, bumuo din ng isa pang talatanungan ang mananaliksik na nakalaan para sa mga respondenteng guro sa paaralan. Sinigurado rin ng mananaliksik na ang mga Survey Questionnaires na ito ay dumaan sa masusing pagsusuri (reliable at validated) upang maging katanggap-tanggap ang magiging resulta ng pananaliksik.

Paraan ng Pag-aanalisa ng Datos

Gumamit ng *Arithmetic Mean at Frequency Count* upang bigyang interpretasyon ang lebel ng academic performance, *Chi-Square Test* upang matukoy ang kaugnay ng academic performance at dalas ng gamit sa social media platform at *Mann- Whitney U*

Test upang mailahad ang kaibahan ng pananaw ng mag-aaral at guro hinggil sa mabuti at masang epekto ng social media sa pag-aaral.

RESULTS AND DISCUSSION

Ang bahaging ito ng pag-aaral ay naglalaman ng mga kasagutan mula sa talatanungang binuo ng mananaliksik. Maipakikita sa kabanatang ito ang paglalahad ng mga mahahalagang datos kaugnay ng pag-aaral at kung paano ito sinuri, gumawa ng paglalahad at binigyan ng pagpapakahulugan ng mananaliksik.

Seksiyon 1. Antas ng Academic Performance ng Mga mag-aaral sa Filipino 8

Ang salik na ito ay maaring may malaking ambag o kaugnayan sa mga magiging kasagutan sa ikalawang bahagi ng talatanungan na binuo ng mananaliksik. Makikita sa talahanayan na ito ang impormasyong pansarili batay sa marka sa Filipino. Mapapansin na inilahad kabuuang marka ng Filipino ng mga respondente.

Talahanayan 1. Academic Performance ng mga mag-aaral sa Filipino 8

Lebel ng *Performance*	**Bilang ng Mag-aaral**	**Bahagdan %**	**Berbal na Interpretasyon**
90 - 100	57	13.38	*Outstanding/Passed*
85 - 89	145	34.04	*Very Satisfactory/Passed*
80 - 84	134	31.46	*Satisfactory/Passed*
75 - 79	90	21.13	*Fairly Satisfactory/Passed*
75 below	0	0	*Did not Meet Expectation/ Passed*
Kabuoang Bilang	**426**	**100.00**	
Mean = 87.46, SD =5.89			
Max = 99 Min. = 75			

Sa kabuoan ng una hanggang ikaapat na markahan, ipinakikita sa lumabas na resulta na, ang pinakamataas na marka na natamo ng mga respondente ay 99 (outstanding/passed) at pinakamababang marka na may 75 (fairly satisfactory/ passed). Halos isang katlo ng mga respondente ang nakakuha ng markang humahanay mula 85-89. Ang average grade (mean) ay 87.46 nagpapahiwatig na ang performance ng mga respondente ay nabibilang sa very satisfactory. Ang standard deviation na 5.89 ay nangangahulugang ang distribusyon ng marka ay nakakalat at bahagyang nakalapit sa mean.

Mapapansin sa mga inilahad na datos na ang marka ng mga mag-aaral ay very satisfactory na nangangahulugang karamihan sa kanila ay nasa ikaapat na antas ang academic performance sa Filipino at pasado o passed sa asignaturang Filipino.

Karagdagan, ang pagkakaroon ng very satisfactory na antas ng academic performance sa Filipino ng mag-aaral ay nakababahala dahil bagama't ito'y pasado, mababa pa rin ang kalagayang pang-akademiko ng mag-aaral. Maaring isang salik na nakaapekto ay ang paggamit ng social media. Nagkakaroon ng distraksyon ang mga-aaral sa pag-aaral hinggil sa paggamit ng social media na tuluyang nakaapekto sa mentalidad at pokus sa mga gawaing may kinalaman sa kanilang performance.

Kaugnay nito, ayon sa artikulo nina Henderson (2024) na may pamagat na "*Social media use and academic achievement*", sa pag-aaral ni Gordon, lumalabas na ang mga mag-aaral na kadalasang gumagamit ng social media ay nakakukuha ng mas mababang marka o grado hinggil sa pang-akademikong kakayahan lalong-lalo na ang mga kabataang nasa sekondarya pa lamang.

Seksiyon 2. Social Media Platforms na Ginagamit ng mga Mag-aaral at at Dalas ng Paggamit Nito

Batay sa datos na makikita sa Talahanayan 4, inisa-isa ng mananaliksik ang mga social media na ginagamit at dalas ng paggamit ng mga respondente.

Talahanayan 2. Ginagamit na Social Media Platforms at Dalas ng Paggamit ng mga Respondente

Social Media Platform	***Mean*** **(Dalas ng Paggamit)**	**Interpretasyon**
TikTok	2.67	Madalas
Messenger	2.45	Minsan
Facebook	2.40	Minsan
YouTube	1.84	Minsan
Google	1.59	Bihira
Instagram	1.42	Bihira
Bilibili	1.23	Bihira
Twitter	0.89	Bihira
Google Form	0.82	Bihira
Kahoot	0.59	Bihira

Scale: 3.25 - 4.00 Tatlong Oras Pataas (Palagi)
2.50 - 3.24 Dalawa hanggang Tatlong Oras (Madalas)
1.75 - 2.49 Isa hanggang Dalawang Oras (Minsan)
>1.00 - 1.74 Mababa sa Isang Oras (Bihira)

Mapapansin sa inilahad na talahanayan na, ang Tiktok ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 2.67 nangangahulugan na ang mga respondente ay gumagamit ng Tiktok ng madalas o 2 hanggang 3 oras sa isang araw. Sinundan ito ng Messenger na mayroong mean na 2.45 na nangangahulugang minsan o 1 hanggang 2 oras ng paggamit sa isang araw. Ang Facebook naman ang pumangatlo sa mga gamiting social media platform na may mean na 2.40 na ang ibig sabihin, minsan o 1 hanggang 2 oras ang iginugugol sa paggamit nito. Ikaapat ang YouTube na may mean na 1.84 na

nangangahulugang minsan o 1 hanggang 2 oras ang dalas ng paggamit nito. Kasunod, nasa ikalimang ranggo ang Google na may 1.59 na mean na nangangahulugang bihira o 1 hanggang 2 oras na ginagamit sa isang araw ng mga respondente. Nasa ikaanim na ranggo naman ang Instagram na may mean na 1.42 nangangahulugang bihira o 1 hanggang 2 oras lamang sa isang araw ginagamit ito. Sinundan ng Bilibili na may mean na 1.23, pumangpito sa ranggo, na ang ibig sabihin ay bihira o 1 hanggang 2 oras sa isang araw ginagamit ang platform na ito. Ikawalo naman ang Twitter na may mean na 0.89 na nangangahulugang bihira o 1 hanggang 2 oras na ginagamit sa isang araw. Kasunod ang Google form na may 0.82 mean na ang ibig sabihin ay bihira o 1 hanggang 2 oras ito ginagamit sa isang araw. At ang pinakamababang ginagamit na social media platform ay ang Kahoot na may 0.59 na mean nangangahulugang bihira o 1 hanggang 2 oras sa isang araw ito ginagamit ng mga respondent.

Batay sa lumabas na resulta, ang pinakagamiting social media platform ng mga mag-aaral ay Tiktok. Madalas na gamit ito ng mga respondente sa isang araw habang sa sila'y may ginagawa sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Samantala, ang *Messenger, Facebook at Youtube* nama'y minsan lamang nila magamit sa isang araw. At ang *Google, Instagram, Bilibili, Twiiter, Google Form at Kahoot* naman ay bihira lamang gamitin ng mga respondente sa isang araw. Nagsisilbing pampalipas oras ang mga platform batay sa dalas ng paggamit ng mga mag-aaral. Ngunit mapapansin din na, kung ang isang mag-aaral ay gumagamit ng lahat ng platform na ito, maaaring umubos o malaking oras ang gugulin nito sa paggamit ng mga platform. Ang sobrang paggamit ng mga platform ay maaraing magresulta ng distraksyon sa pag-aaral o alinmang gawaing pampaaralan.

Ayon kina Jyothi Thalluri at Joy Penman (2015), sa kanilang ginawang pag-aaral na pinamagatang "*Social Media for Learning and Teaching Undergraduate Sciences: Good Practice Guidelines from Intervention*", ang paggamit ng facebook sa kanilang pag-aaral ay napakalaking benepisyo bilang mag-aaral ng medisina dahil nagbibigay ito ng inobatibong pagkatuto sa kanilang mga asignatura. Ang kahalagahan ng pakikipagkomunikasyon sa mga tunguhin at layunin sa mga mag-aaral ay natutukoy sa pamamagitan ng mga komento sa social media partikular sa facebook.

Dagdag pa nina Cardiño et. al (2024), ang kanilang pag-aaral na may pamagat na "*Epekto Ng Social Media Sa Pakikipagkomunikasyong Berbal Ng Piling Mga Mag-Aaral Sa Unang Taon: Isang Gabay*", mas ginagamit na Social Media ay ang Facebook dahil napapadali nito ang pakikipagkomunikasyon sa iba, lalo na marami sa mga kamag-aral, kaibigan at pamilya ay ito ang kanilang ginagamit.

Seksiyon 3. Ugnayan ng Academic Performance sa Filipino 8 sa Paggamit ng Social Media

Makikita sa talahanayan 5, ang makabuluhang ugnayan ng academic performance sa asignaturang Filipino sa paggamit ng social media. Inilahad isa-isa ng mananaliksik ang mga descriptors sa academic performance at dalas sa paggamit ng social media upang malinaw na maipakita ang makabuluhang ugnayan ng mga datos.

Talahanayan 3. Makabuluhang Ugnayan ng Academic Performance sa Filipino 8 sa Paggamit ng Social Media ng mga respondente.

X^2	*df*	*p - value*
137.28**	91	0.001

Ipinapakita ng resulta na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng academic performance at sa paggamit ng social media platform (p = .001). Nangangahulugan lamang ito na, ang maraming oras sa paggamit o iginugugol sa social media ay may kaugnayan o posibilidad na makakuha ng mas mahusay na pagganap (*performance*) o mataas na marka sa asignatura.

Kaugnay nito, Ayon sa datos, mayroong mataas na makabuluhang ugnayan sa pagitan ng academic performance at paggamit ng social media, kaya ang haypotesis bilang 1 ay hindi tinatanggap (*rejected*).

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral na lubusang gumagamit ng iba't ibang social media platform ay nagkakaroon ng mataas na marka sa bawat asignaturang kanilang pinag-aaralan. Mas nauunawaan, napalalawak ang kaalaman at nagiging katuwang sa pag-aaral ng mga mag-aaral ang social media sa mas malalim na pag-unawa sa mga araling kanilang pinag-aaralan.

Inilahad nina Larson at Acheaw (2015), sa kanilang pag-aaral na pinamagatang "*Use of Social Media and its Impact on Academic Performance of Tertiary Institution Students: A Study of Students of Koforidua Polytechnic, Ghana*", ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang paggamit ng social media ay may negatibong nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral at bilang pagpapalawig nito, mayroong positibong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng social media at academic performance. Ang karamihan sa mga mag-aaral ay gumagamit ng social media para makipag-chat at hindi para sa akademikong layunin.

Sinang-ayunan din ito nina Kulidtod at Pasgui (2017), sa kanilang ginawang pag-aaral na may pamagat na "*Effects of Social Media Networking Media to the Academic Performance of the Students*", ang mga mag-aaral na matalinong gumagamit ng social media, ang kanilang academic performance ay umuunlad. Gayun pa man, ang mga mag-aaral na may hindi makontrol sa paggamit ng social media ay nagkakaroon ng negatibong epekto sa sa kanilang pag-aaral na kung saan humahantong sa adiksyon.

Seksiyon 4. Epekto ng paggamit ng social media sa pag-aaral batay sa pananaw ng mga mag-aaral at guro

Inilalahad sa talahanayan 4.a at b, ang mga pananaw ng mag-aaral at guro hinggil sa epekto ng paggamit ng social media sa pag-aaral.

Talahanayan 4.a. Mabuting Epekto ng Paggamit ng Social Media sa Pag-aaral batay sa Pananaw ng Mag-aaral at Guro

Mabuting Epekto	Bilang ng Mag-aaral	Bahagdan (%)	Rank	Bilang ng Guro	Bahagdan (%)	Rank
1.Nakapagbibigay ng karagdagang impormasyon	313	73.47	**9**	11	68.75	**5**
2.Nakapagpapalawak ng bokabularyo	312	73.24	**10**	13	81.25	**2.5**
3. Natututo sa iba't ibang bagay	315	73.94	**6.5**	7	43.75	**13.5**
4.Nakakakuha ng maraming estratehiya sa pagpapalawak ng paksa	310	72.77	**12**	7	43.75	**13.5**
5. Nakapagbibigay inspirasyon sa pagsusulat	315	73.94	**6.5**	4	25.00	**16**
6. Nakakatulong ito upang mabilis makakuha ng tulong o gabay sa guro	309	72.54	**13**	9	56.25	**11**
7. Nakapagbabahagi ng talakayan sa bawat pangkat tungkol sa iba't ibang gawain	311	73.00	**11**	9	56.25	**11**
8. Nagkakaroon ng kolaboratibong pagkatuto mula sa kapwa mag-aaral	308	72.30	**14**	9	56.25	**11**
9.Tumutulong upang masolusyunan ang mga suliraning pang-akademiko	314	73.71	**8**	5	31.25	**15**
10. Ginagawang libangan upang maiwasan ang pagkabagot o inip	212	49.77	**16**	10	62.50	**7.5**
11.Mas mabilis maunawaan ang mga aralin sa pamamagitan ng Video lesson, larawan at iba pa	234	54.93	**15**	10	62.50	**7.5**
12. Mabilis na makapagsasaliksik o makakakuha ng mga impormasyon	321	75.35	**4.5**	14	87.50	**1**

13. Nakapagtuturo sa kapwa mag-aaral na may kaugnayan sa araling tinatalakay	324	76.06	**3**	12	75.00	**4**
14. Nagkakaroon ng mas magandang talakayan gamit ang mga larawan na may kaugnayan sa tinatalakay na aralin	356	83.57	**2**	10	62.50	**7.5**
15. Mabilisang naiwawasto ang mga pagsusulit	367	86.15	**1**	13	81.25	**2.5**
16. Nakakakuha ng mga video, larawan at iba pa sa pagpapalawak ng aralin sa bawat talakayan	321	75.35	**4.5**	10	62.50	**6.5**

Makikita sa mismong talahanayan 6.a, ang mabuting epekto ng paggamit ng *social media* sa pag-aaral batay sa pananaw ng mag-aaral at guro. Makikita sa talahanayan na ang 'mabilisang naiwawasto ang mga pagsusulit' ang unang mabuting epekto ng pagagamit social media base sa pananaw ng mga mag-aaral (86.15%). Ito ay sinundan ng pangungusap na 'nagkakaroon ng mas magandang talakayan gamit ang mga larawan na may kaugnayan sa tinatalakay (83.57%). At ang pinakahuling mabuting epekto ay 'Ginagawang libangan upang maiwasan ang pagkabagot o inip' (49.77%) ayon sa pananaw ng mga mag - aaral. Kaugnay nito, isa sa katangian ng mabuting paggamit ng *social media* ay ang napadadali nito ang mga gawain katulad ng inilahad unang ranggo ng pananaw. Agarang makukuha ang resulta ng bawat gawain at makapagbibigay ng wastong pagpapayaman o remedyasyon sa mga mag-aaral na nakakuha ng mataas at mababang puntos sa mga gawain. Nahihikayat din na makibahagi sa talakayan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang larawan na nagsisilbing motibasyon upang maganyak sa tatalakaying aralin. At nagsisilbing libangan din ito upang mapawi ang pagod o pagkainip ng mga mag-aaral sa lahat ng gawaing pampaaralan na kanilang kinakaharap.

Sa kabilang banda, ayon sa mga guro, ang 'mabilis na makapagsasaliksik o makakukuha ng mga impormasyon' ang pinakauna sa listahan ng mabuting epekto ng paggamit ng *social media platform*. Ito ay sinundan ng 'nakakapagpalawak ng bokabularyo at mabilisan naitatama ang pagsusulit'.

Patunay lamang, ayon sa pananaw ng mga guro kaugnay sa pananaw ng mga mag-aaral, mas mabilisang natutugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkaunawa ng aralin kapag ito'y hinahanap sa pamamagitan ng mga *social media platform*. Mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang ilang mga salita sa pamamagitan ng paglalahad sa social media ng mga kasagutang naaayon sa hinahanap na salita. Nakapagbibigay ng iba't ibang paliwanag at halimbawa ang *social media platform* sa mga mag-aaral dahil sa mabilisang paglalahad ng mga impormasyon na may kaugnayan sa araling kanilang hinahanap.

Kaugnay nito, ayon kina Sharma at Behl (2022), mula sa kanilang pag-aaral na pinamagatang "*Analysing the Impact of Social Media on Students' Academic Performance: A Comparative Study of Extraversion and Introversion Personality*", natukoy ang apat na kadahilanang paggamit ng social media na kung saan mayroon epekto sa kakayahang pang-akademiko ng mga mag-aaral. Ang mga dahilang ito'y ang mga sumusunod: mabilisang epekto ng social media, lumalalang epekto ng social media, inaasahan sa social media at mga hamon sa social media.

Talahanayan 4.b. Masamang Epekto ng Paggamit ng Social Media sa Pag-aaral batay sa Pananaw ng Mag-aaral at Guro

Masamang Epekto	Bilang ng Mag-aaral	Bahagdan (%)	Rank	Bilang ng Guro	Bahagdan (%)	Rank
1. Mas inuuna ang paggamit ng social media kaysa pagbabasa, paggawa or pagsusulat ng mga performance task sa asignaturang Filipino	137	32.16	**2**	12	75.00	**5**
2. Nalilimitahan ang impormasyong nababasa	112	26.29	**10.5**	10	62.50	**12**
3. Nagkakaroon ng maling baybay (spelling) sa mga salitang isinusulat	119	27.93	**9**	12	75.00	**5**
4. Maaaring manloko o mandaya sa pamamagitan ng AI (Artificial Intelligence)	102	23.94	**13.5**	11	68.75	**9.5**
5. Pagkaantala sa paggawa o pagsusulat	112	26.29	**10.5**	9	56.25	**15**
6. Pagkawala ng interes sa pagbuo ng sariling ideya	123	28.87	**5.5**	12	75.00	**5**
7.Nagkakaroon ng kalituhan sa bawat pahayag na ibinabahagi o sinasabi	123	28.87	**5.5**	12	75.00	**5**
8. Bihirang paggamit ng mga bantas na nagreresulta sa maling impormasyon	111	26.06	**12**	10	62.50	**12**
9. Pagpapaikli ng wastong baybay (spelling)	102	23.94	**13.5**	12	75.00	**5**
10. Nakapaglalahad ng masasamang salita sa kapwa habang gumagawa ng gawain sa Filipino	123	28.87	**5.5**	11	68.75	**9.5**
11.Napaiiksi ang kolaboratibong pagkatuto sa mga gawain	101	23.71	**15**	9	56.25	**15**

12. Nakapanlalabo ng mata sa sobrang dalas na paggamit ng cellphone o kompyuter	100	23.47	**16**	12	75.00	**5**
13. Hindi nauunawan ang mga aralin dahil sa kakulangan ng signal at gadyet	123	28.87	**5.5**	12	75.00	**5**
14. Pagtatala ng mga maling impormasyon na isinasama sa isinusulat	142	33.33	**1**	13	81.25	**1**
15. Nahihikayat ang mag-aaral na gayahin o kumopya na lamang ng sagot	123	28.87	**5.5**	9	56.25	**15**
16. Hindi nagagamit ang sariling kaalaman bagkus umaasa sa social media	123	28.87	**5.5**	10	62.50	**12**

Ayon sa pananaw ng mga mag-aaral ang ‘pagtatala ng mga maling impormasyon na isinasama sa isinulat’ (rank 1) ang pinaka-unang masamang epekto ng paggamit ng social media, ito ay sinundan ng ‘Mas inuuna ang paggamit ng social media kaysa pagbabasa, paggawa or pagsusulat ng mga performance task sa asignaturang Filipino’ (rank 2). Ang pinakahuling masamang epekto base sa pananaw ng mga mag-aaral ay ‘Nakapanlalabo ng mga mata sa sobrang dalas ng paggamit ng cellphone o kompyuter (Rank 16).

Kaugnay nito, dahil sa mabilisang paglalahad ng impormasyon ng mga social media platform, inaakala ng mga mag-aaral na ang lahat ng mga ito ay wasto o tama ang mga pahayag na isinasaad. Hindi nagkakaroon ng masusing pagbabasa o pag-unawa sa nilalaman ang mga mag-aaral kung kaya hindi maiwasang magkaroon ng maling nakalap na impormasyon na inilalagay sa mga pasulat na gawain sa asignatura. Kasunod, dahil sa palagiang paggamit ng mga social media, nawawalan na ng kahalagahan ang makrong kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga makrong kasanayan ang humuhubog sa kakayahan ng mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa sa mga binabasa at isinusulat upang magkaroon ng mataas na pagganap o performance sa alinmang asignaturang kanilang tinatalakay. At maaring maapektuhan maging ang kanilang kalusugan lalong-lalo na ang kanilang mga mata.

Ang mga guro ay sumang-ayon sa pananaw ng mga mag - aaral na ang unang masamang epekto ng madalas na paggamit ng social media ay ang ‘pagtatala ng mga maling impormasyon na isinasama sa isinulat’ (rank 1). Subalit pagdating sa mga susunod na masamang epekto at nagkaroon na ng pagkakaiba sa pagitan ng pananaw ng mga mag - aaral at ng mga guro.

Patunay na lubusang may masamang epekto sap ag-aaral ang social media sa tahasan o maling gamit nito. Dahil sa mabilisang paglalahad ng impormasyon, humahantong sa hindi na masusing pagbabasa o pagpili ng wastong impormasyon ang mga mag-aaral. Sa patuloy na pagtangkilik ng social media, maaaring makapagdulot ng

masamang epekto sa pag-unawa, mentalidad at kahit na sa pisikal na kaanyuan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa nina Calunsag at Calunsag (2023) sa kanilang pag-aaral na pinamagatang "*Effects of Social Media Networking Sites among Students with Their Academic Performance.*", ang social media ay umunlad dahil sa pagtanggap, pagpapahalaga at paggamit ng bawat propesyunal at mag-aaral. Gayunpaman, ang mga mag-aaral na lubusang gumagamit ng social media na walang kinalaman sa pang-akademikong kakayahan ay ang mga mabababa ang nakukuha sa bawat aralin sa klase. Ang impluwensya, benepisyo at mga sagabal sa social media ay nagbibigay pansin sa maaaring maipakita ng kakayahan ng social media sa akademikong larangan.

Seksiyon 5. Pagkakaiba Sa Pananaw Ng Mga Guro at Mag-aaral Sa Epekto Ng Paggamit Ng Social Media Sa Performance Sa Filipino 8

Ipinapakita sa talahanayan 7 ang mga makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral sa epekto ng paggamit ng social media sa performance sa Filipino 8.

Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba Sa Pananaw Ng Mga Guro at Mag-aaral Sa Mabuting Epekto Ng Paggamit Ng Social Media Sa Performance Sa Filipino 8

Epekto	***t - value***	***df***	***p-value***
Mabuti	-0.15	30	.879
Masama	0.11	30	.913

Ayon sa resulta ng statistical analysis, walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral at sa mga guro sa mabuti at masamang epekto ng paggamit ng social media sa pag-aaral. Bagamat may pagkakaiba sa kanilang ranking, ito ay maituturing na hindi makabuluhan, samakatuwid pareho lamang ng paniniwala ang mga mag-aaral at mga guro sa mabuti at masamang epekto ng social media sa academic performance ng mga mag-aaral sa Filipino 8.

Dahil walang pagkakaiba sa pananaw ng dalawang grupo, ang pangalawang haypotesis ay tinatanggap (accept the null hypothesis).

Karagdagan nito, batay sa ginawang pag-aaral ni Salisi et. al (2019) na may pamagat na "*Social Media Use, Perceived Depression and Academic Performance of College Students in a Philippine Higher Education Institution*", walang makabuluhang ugnayan ang depresyon at paggamit ng social media sa mga mag-aaral ng medisina. Ang social media ay ginagamit at ang depresyon ay hindi pamantayan ng kakayahang pang-akademiko.

Seksiyon 6. Mungkahing Alituntunin sa wastong gamit ng social media sa proseso ng pagkatuto-pagtuturo (teaching-learning process)

Mga Alituntunin sa Wastong Gamit ng Social Media sa Proseso ng Pagkatuto-Pagtuturo

Introduksiyon

Ang mananaliksik ay nakabuo ng 9 alituntunin na maaaring magamit ng sinomang mambabasa, mag-aaral o guro upang maitaas ang antas ng pagkatuto ng bawat isa. Magsisilbing gabay ang 9 na alituntunin sa paggamit ng wasto sa mga social media platform sa pagtamo ng mabilisang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pagkakaroon ng makabagong teknolohiya sa buong mundo ay isa sa matagumpay na imbesyon ng mga tao. Pinadadali ang mga gawain at pakikipag-ugnayan sa mga kakilala na malayo o nalayo sa kanilang tirahan. Higit sa lahat, napakalaki ng ambag nito sa pag-aaral ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang pang-akademikong kakayahan ng bawat isa. Katulong ang iba't ibang uri ng social media platform higit sa lahat, ang tiktok, na madalas gamitin sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ngunit, dahil sa lubusang pagyakap sa ganitong platform, hindi maiiwasang maapektuhan ang akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Ang dalas ng gamit sa mga social media platform ay nakatutulong upang higit na maitaas ang kakayahang pagganap ng mga mag-aaral sa mga signatura lalong-lalo na ang Filipino. Narito ang mga sumusunod na alituntunin sa wastong paggamit ng social media upang maiangat ang kakayahang pang-akademiko ng mga mag-aaral.

Layunin: Mailahad at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral at guro sa wastong gamit ng social media upang maiangat ang kalidad ng edukasyon hinggil sa proseso ng pagkatuto ng pagtuturo.

Narito ang mga sumusunod na alituntunin sa wastong paggamit ng social media upang maiangat ang kakayahang pang-akademiko ng mga mag-aaral.

1. Bago gumamit ng social media, unahing gawin ang mga takdang-aralin, gawain, performance task, proyekto at iba pang gawaing pang-akademiko upang mabigyang pansin at pokus ang academic performance ng mga mag-aaral

2. Makaroon ng schedule o talaan ng oras sa paggamit ng social media platform. Maglagay ng ilang oras na pagitan bago gumamit ng panibagong social media platform. Sa ganitong pamamaraan, maiiwasan ang pagkakaroon ng adiksyon ang mga mag-aaral sa paggamit ng iba't ibang social media. Kaugnay nito, maari ring sumali sa iba't ibang patimpalak o contest ang bawat mag-aaral upang sa gayu'y maging payapa ang kanilang mentalidad at pisikal na pangangatawan at mabigyang pokus ang pag-aaral.

3. Gumamit ng "time table" o talahanayan ng oras sa pag-aaral. Bigyan ng mas Malaki o matagal na oras ang pagugol sap ag-aaral kaysa sa paggamit ng social media. Kung sakali mang kailanganin ang social media platform sa pag-aaral, maging disiplinado sa mga binubuksang site upang maiwasan ang distraksyon o mawala sa pokus ng pag-aaral.

4. Maging mapanuri sa lahat ng binabasang impormasyon na ibinibigay ng social media upang maiwasang makapaglahad ng mga maling impormasyon sa kapwa mag-aaral. Hikayatin ang mga mag-aaral o guro na siyasatin ang pamamaraan sa pagbabahagi ng ideya na maaaring magamit sa pagpapalawak at pagkaunawa ng iba't ibang mga paksa. Ang ganitong pamamaraa'y makatutulong upang makapag-isip ng kritikal ang mga mag-aaral at guro.

5. Iwasang gumamit ng social media platform habang nasa loob ng silid-aralan. Magbigay ng mga pangkatang gawain, gamification o palaro sa bawat aralin at iba pang mga estratehiya sa pagtuturo upang mas malinang ang kakayahan sa pag-unawa, pagganap at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

6. Hikayatin ang mga mag-aaral o guro na siyasatin ang pamamaraan sa pagbabahagi ng ideya na maaaring magamit sa pagpapalawak at pagkaunawa ng iba't ibang mga paksa. Ang ganitong pamamaraa'y makatutulong upang makapag-isip ng kritikal ang mga mag-aaral at guro.

7. Palagiang bigyang pagpupugay ang manunulat ng social media sa pipiliing mga impormasyon nailalagay sa anumang mga isinusulat na gawain upang walang malabag na batas o tinatawag na plagiarismo.

8. Iwasang magbigay ng mga personal na impormasyon sa anumang social media platform upang hindi magamit ang sariling pagkakakilanlan ng ibang tao.

9. Sa paggamit ng tiktok, facebook at youtube, maaaring bumuo ng facebook page o blog na magiging lunsaran ng pagkatuto. Sa pamamaraang ito'y bibigyang kalayaan ang mga mag-aaral at guro na ibahagi ang kanilang proyekto o awtput upang malinang ang kahusayng taglay ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, ayon kina Devi et. al (2019), mula sa kanilang isinulat na pinamagatang "*Role of Social Media in Teaching-Learning Process*", ang pagdating ng social media platform ay may malaking epekto sa mga mag-aaral hinggil sa pag-aaral at pagtuturo ng mga guro. Ang mga tao'y katulad ng mga mag-aaral at guro na nagtutulungan upang magbahagi ng mga bagong kaalaman.

Dagdag pa nina Yakin, D. I., & Tinmaz, D. H. (2015) sa kanilang isinulat na *"Theoretical Guidelines for the Utilization of Instructional Social Networking Websites",* ang paggamit ng *social media* ay isang kagamitan para sa pamayanan upang magbahagi ng ideya, paghahanap ng mga solusyon at pagbuo ng mga inobasyon. Mula sa ibinahaging paggamit ng *social media* sa pagkatuto, ang mga mag-aaral at guro'y pinag-iingat sa *privacy and data protection* at *'Copyright and Intellectual Property Rights* na kanilang maaring maranasan.

Conclusions

Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral, karamihan ng mag-aaral ay very satisfactory ang antas ng performance sa asignaturang Filipino.

Mayroong 10 social media platform ang ginagamit ng mga mag-aaral. Ang pinakamadalas na gamiting social media platform ay Tiktok. Sinusundan ng Messenger,

Facebook at Youtube na minsan lamang gamitin sa isang araw. At bihirang magamit naman ang Google, Instagram, Bilibili, Twiiter, Google Form at Kahoot. Nagsisilbing pampalipas oras ang mga platform na ito batay sa dalas ng paggamit ng mga mag-aaral.

Mayroong makabuluhang ugnayan ang academic performance at dalas ng paggamit ng social media sa pag-aaral ng mag-aaral. Nangangahulugang ang mahabang oras ng paggamit ng social media ay nakapagpapataas sa academic performance ng mag-aaral. Kung kaya, ang haypotesis ng walang makabuluhang ugnayan nito ay hindi tinatanggap (rejected).

Napaglahad ng tig- 16 na mabuti at masamang epekto sa paggamit ng social media sa pag-aaral batay sa pananaw ng mag-aaral at guro. Ang pinakamabuting epekto ng paggamit ng social media sa pananaw ng mag-aaral at guro ay mabilisang naiwawasto ang pagsusulit at mabilis na nakapagsasaliksik o makakukuha ng mga impormasyon. Samantalang ang pinakamasamang epekto ng paggamit ng social media ay pagtatala ng mga maling impormasyon na isinasama sa isinusulat ng mga mag-aaral.

Walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mag-aaral at guro hinggil sa epekto ng paggamit ng social media sa pag-aaral ng mag-aaral sa Filipino 8. Ang haypotesis na walang makabulugang epekto at tinatanggap (accepted).

Bilang awtput ng pag-aaral, ang mananaliksik ay nagmungkahi ng 9 alituntunin sa wastong gamit ng social media sa proseso ng pagkatuto ng pagtuturo (teaching learning process). Naglalayong mailahad at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral at guro sa wastong gamit ng social media upang maiangat ang kalidad ng edukasyon hinggil sa proseso ng pagkatuto ng pagtuturo.

Recommendations

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay naglalaman ng mga rekomendasyon ng mananaliksik sa mga susunod pang pananaliksik tulad nito:

1. Sa susunod na mananaliksik, maaaring isama ang mga habit o nakaugaling ginagawa ng mga mag-aaral upang matiyak ang pinagmumulan ng pagkakaroon ng mababang academic performance sa mga asignatura.

2. Magtala o maghanap pa ng iba’t ibang uri ng social media platform na ginagamit ng mga mag-aaral bukod sa inilahad na kasagutan upang matiyak ang pinakabago at dalas ng gamit sa mga platform na ito sa hinaharap.

3. Magkaroon ng talaan ng gawain o schedule of activities upang magkaroon ng balanseng gawain hinggil sa pag-aaral at paggamit ng social media platform. Magsisilbi itong gabay ng mga mag-aaral upang maiwasan ang pagkalulong sa paggamit ng social media at mas maitaas ang marka sa bawat asignaturang kanilang pinag-aaralan.

4. Maglahad pa ng mas maraming epekto ng social media sa performance ng mga mag-aaral upang maging tiyak ang kasagutan ng mga magiging respondente ng

pag-aaral. Karagdagan nito, maging bukas sa lahat na mayroong mabuti at masamang epekto ang social media sa pag-aaral o pagtamo ng mababa at mataas na marka sa mga asignatura.

5. Magkaroon ng iba't ibang seminar o workshop ang mga guro na may kaugnayan sa paggamit ng teknolohiya upang magamit sa pagtuturo at bumubo ng mga inobatibong estratehiya gamit ang mga platform upang mahikayat ang mga mag-aaral na mag-aral nang mabuti.

6. Gamitin o ibahagi ang nabuong mga alituntunin sa iba pang mag-aaral at guro upang maging gabay sa paggamit ng social media at maiwasang magkaroon ng hindi magandang epekto sa academic performance ng bawat mag-aaral sa mga asignatura.

Compliance with Ethical Standards

Bago ibigay ang *survey questionnaire*, nagbigay ng papel ng pahintulot ang mananaliksik sa mga respondente na ang nilalaman ay kasunduang sila ay pinahihintulutan ng kanilang mga magulang na sumagot sa mga talatanungan ng mananaliksik at ipinaliwanag ng mananaliksik ang kahalagahan ng kanilang mga sagot sa ginagawang pag-aaral. At panghuli, personal na ang mananaliksik ang nagbigay ng pagsusulit sa mga respondente. Binigyan lamang ng isang oras ang mga respondente sa pagsagot ng tseklist at pagsusulit.

Ang mga nakalap na datos sa sinagutang tseklist ay pinagsama-sama at isinaayos upang bigyan ito ng interpretasyon.

Acknowledgements

Ang mananaliksik ay taos pusong nagpapasalamat sa mga taong tumulong sa kanya at nagbigay inspirasyon upang maisakatuparan ang tesis na ito.

Sa Guro na Tagapayong si Dr. Ma. Theresa E. Macaltao, sa walang sawang pagbibigay ng suporta at pagpapaunlad ng pag-aaral, dahil sa mahusay na rekomendasyon sa pagsasagawa ng pagsasaliksik;

Kay Dr. Priscilla R. Castro, OIC dekana ng Paaralang Gradwado ng Lyceum Northwestern University sa pagtalima sa mga suliraning kinaharap sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito;

At sa tagapangulo ng Thesis Committee, Dr. Cynthia P. Lopez, sa kanyang hindi matatawarang pagsuporta at mahusay na pagbibigay mungkahi sa pagsasaayos ng pag-aaral na ito;

Gayundin, taos pusong pasasalamat sa mga miyembro ng komite, Dr. Rodelio C. Gauuan, Dr. Marilou E. Cayabyab, Dr. Relly Rachelle D. Abalos, sa kanilang maingat at matiyagang pagtatasa ng pag-aaral na ito, sa suporta at tiwala na ibinigay sa mananaliksik;

Lubos din ang pasasalamat ng mananaliksik sa pamunuan ng Ikalawang Distrito**,** sa mga Punong guro at higit sa lahat kay Dr. Arturo C. Apostol, purok tagapagmasid, na siyang naging daan upang makakalap ng sapat na datos sa ginawang pag-aaral.

Gayundin sa mga mag-aaral at guro ng Llanera, buong pasasalamat sa ibinigay na oras at pansin upang maging matagumpay at makabuluhan ang pag-aaral na ito;

Sa kanyang mga ate, travel at study buddy, Zyronn Tabajonda, Arlene De Guzman, Princess Somera, Wilma Sigue, Mia Cristel Binuya at Sankist Jel Gabuyo, salamat sa walang sawang tawanan at pakikipagpuyatan upang matapos ang pag-aaral na ito;

Sa kanyang mga kaibigang aso, Mark Veil Antolin at Angierica Gatmaitan sa kanilang pagbibigay ng liwanag sa nagdidilim na mga araw at laging nandiyan upang tumulong sa pag-aaral na ito;

Sa kanyang mga magulang, Elpidio P. Baguio at Flora C. Baguio sa kanilang natatanging pagsuporta at pagmamahal sa mananaliksik upang tapusin ang pag-aaral. Gayundin, sa kanyang mga kapatid, Aprilyn at Floel C. Baguio na nagsilbing motibasyon at lakas ng mananaliksik. At maging sa kanyang Mon, Christian B. Jocson, na nagsilbing inspirasyon at sandalan sa mga oras na hirap na hirap sa pagpapatuloy ng pagsusulat ang mananaliksik. Ang inyong lubusang pag-unawa at paniniwala sa mananaliksik ang nagbibigay ng lakas ng loob upang matapos ang pag-aaral na ito;

Higit sa lahat sa Dakilang Lumikha, sa patuloy na pagbibigay ng kalakasan at kaalaman sa mananaliksik upang malagpasan ang hamon sa buhay. Buong pusong pasasalamat…

REFERENCES

Ablaza, K. & Caparas, J. (2023, February 8). Spiralytics: Social Media in the Philippines. Mula sa https://www.spiralytics.com/blog/social-media-in-the-philippines/

Abaigar, J.A., Ablen, Dr. A., Deluta, S.M., Mendoza, M. A et. Al (2020). Impact of Social Media on Academic Performance of Grade 6 Students. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, Vol.2, No1.

Ansari, J.A.N., & Khan, N.A. Exploring the role of social media in collaborative learning the new domain of learning. Smart Learn. Environ. 7, 9 (2020). https://doi.org/10.1186/s40561-020-00118-7

Barredo, C. P. & Cadapan, E. D. (2022). Extent of Use Of Social Media And Writing Skills In Filipino: A Correlational Study Among Freshmen. Webology Volume 19. ISSN: 1735-188X

Calunsag, C. & Calunsag, C. (2023). Effects of Social Media Networking Sites among Students with Their Academic Performance. East Asian Journal of Multidisciplinary Research. 2. 2123-2128. 10.55927/eajmr.v2i5.3817.

Cardiño, C. P. ., Hechanova, H. M. L. ., Praun, P. A. A. ., Remeterio, R. P. ., Unzo, J. A. ., & Rilon Jr., D. J. . (2024). Epekto Ng Social Media Sa Pakikipagkomunikasyong Berbal Ng Piling Mga Mag-Aaral Sa Unang Taon: Isang Gabay: Vol.3, No.2. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3(2).

Devi, K., Eragamreddy, G., Lakshmi V. V. & Professor Asst. (2019). Role of Social Media in Teaching-Learning Process. Vol. 6

Dollarhide, M. (2024, February 23). Social Media: Definition, Importance, Top Websites & Apps. Mula sa https://www.investopedia.com/terms/s/social-media.asp

Dylan. (2024). VujaDay.How does Social Media Affect School Performance? https://www.vujadaydigital.com/how-does-social-media-affect-school-performance

Henderson, J. (2024). Social media use and academic achievement. https://www.udel.edu/udaily/2024/march/social-media-academic-achievement-research/

Kulidtod, R.C. & Pasgui, N.S. (2017). Effects of Social Networking Media to the Academic performance of the Students. Atlantis Press: Advances in Economics, Business and Management Research, Vol. 45.

Larson, A.G at Acheaw, M.O. (2015). Use of Social Media and It's Impact on Academic Performance of Tertiary Institution Student: A Study of Students of Koforidua Polytechnic, Ghana. Jounal of Education and Practices Vol. 6, No. 6.

Paragas, J.P. at Francisco, C.D.C. (2020). Utilizing Social Media in Improving Creative Writing Skills of Grade 7 Students in English.

Sharma S. & Behl R. Analysing the Impact of Social Media on Students' Academic Performance: A Comparative Study of Extraversion and Introversion Personality. Psychol Stud (Mysore). (2022, November 01) doi: 10.1007/s12646-022-00675-6. Epub 2022 Nov 12. PMID: 36407969; PMCID: PMC9660203.

Salisi, J. V., Aravejo, M. V., Eguia, G. C., Maranan, R. B. & Du, M. R. (2019). Social Media Use, Perceived Depression and Academic Performance of College Students in a Philippine Higher Education Institution. LPU-St. Cabrini Journal of Allied Medicine, 3(2), 0.

Thalluri, J., & Penman, J., (2015). Social Media for Learning and Teaching Undergraduate Sciences: Good Practice Guidelines from Intervention. The Electronic Journal of e-Learning Volume 13 Issue 6 2015.

Wil, C. S. C., Yunus, M. M., & Suliman, A. (2019). The Use of Social Media to Assist Writing. Skills among Secondary Pupils. International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development, 8(3), 224–236.

Yakin, D. I., & Tinmaz, D. H. (2015). Theoretical Guidelines for the Utilization of Instructional Social Networking Websites. Turkish Online Journal of Distance Education, 16